7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 2

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 1 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**


**FILIPINO, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng brochure para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.<br>*a. Naipaliliwanag ang banghay (gaya ng pagkakasunod-sunod ng pangyayari; pagyuyugto ng mga pangyayari (foreshadowing) at pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari (flashback), mensahe, pahiwatig, at kaisipan sa binasang tuluyan.*<br>*b. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng panitikang tuluyan batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.*<br>*c. Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda.*<br>*d. Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika (bisa ng salita, pahiwatig, idyomatikong pahayag, estilo) ng panitikang tuluyan.*<br>*e. Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga, at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon.* |
| **D. Nilalaman** | Mga Tuluyan Sa Panahon ng Katutubo<br>• Kuwentong Bayan (gaya ng pabula at kuwentong Posong) |
| **E. Integrasyon** | • Lokal na Kasaysayan<br>• Literasing Pangkapaligiran<br>• Kasaysayan ng mga Ninuno nating Austronesian bilang Tagapaglikha ng Panitikan |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf<br>*Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.*<br>Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.<br>Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan*. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng-kapilipinuhan.pdf<br>Villanueva, V. M. (2018). #*ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino*). VMV Publishing House. Makati: Bangkal. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br>**SARI-SAYSAY:** Batay sa mga natutunan sa nakaraang talakayan, isalaysay ito gamit ang patnubay na grapikong pantulong. | Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa mga tula sa Panahon ng Katutubo. |

| | | |
|---|---|---|
| |  <br>BAHAGI-KAALAMAN: Hatiin sa mga pangkat at bigyan sila ng panahon na talakayin ang sumusunod na tanong.<br>1. Sino ang unang mga tao na nakarating sa bansang Pilipinas?<br>2. Ano ang naging malaking ambag nila sa panitikang Pilipino?<br>3. Ano-ano ang mga pangunahing paksa na tinatalakay ng panitikan sa panahon ng katutubo?<br>4. Bakit mahalagang pag-aralan ang kasaysayan ng panitikan?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | Ang paggrupo sa klase ay depende sa guro.<br><br>Gawing interaktibo ang gawaing ito. Puwedeng gawing carousel brainstorming ito. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat ng Gawain**<br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br><br>• Magpakita ng mga larawan ng mga tauhan mula sa iba't ibang pabula at kuwentong bayan.<br>• Ipahula sa klase kung sino ang mga tauhan at kung saan mula o sa anong kuwento sila nagmula.<br>• Subukan ding ipabuod sa mga mag-aaral ang kuwento sa mga larawang ipinakita. | Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda. |

| | | |
|---|---|---|
| |   <br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Ipanood sa klase ang bidyu na nasa link:<br>Ang Tamad na Ahas \| Kwentong Pambata - Pabula \| Filipino. Kinuha mula sa https://www.youtube.com/watch?v=qNMvAl5Otro<br><br>Pagkatapos mapanood ang bidyu, ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:<br>1. Tungkol saan ang bidyong napanood?<br>2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>3. Ano ang aral na nakuha sa bidyu?<br>4. Ano ang pagkakaiba ng pabula at kuwentong bayan? | Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang paksa na may kinalaman sa akdang tuluyan sa Panahon ng Katutubo tulad ng alamat, pabula, at kuwentong posong. |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa pangungusap. Pagkatapos ay bumuo ng sariling pangungusap gamit ang salita.<br>1. May isang Pilandok na *isinuyod* ang lupa para maghanap ng makakain<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br>2. "Opo, isang mahalagang bagay, ang *batingaw*".<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br>3. "Ngunit ako ay karapat-dapat, isang *maharlika* na anak ng Sultan ng Agama ng Niyog".<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br>4. *Kumaripas* ng takbo ang mga magnanakaw.<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________<br>5. Dahil nasa lansangan pa si Juan Osong ng alas diyes, ipinasiya niyang *gumapang*.<br>**Kahulugan**: ____________________<br>**Pangungusap**: ____________________ | Paghahawan ng balakid. Ang gawaing ito ay pwedeng gawing pangkatan para ang lahat ng mag-aaral ay may partisipasyon sa loob ng klase. |

<table>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
Ikalawang Araw<br>
Kaugnay na Paksa 2: Pabula<br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Patnubay na Tanong: Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br>
1. Paano nakaaapekto ang lugar na kinalakhan sa pag-uugali ng isang tao?<br>
2. Paano nakatutulong ang mga simbolismo sa paglalahad ng isang mabisang akda?<br>
3. Ano-anong elementong panlingguwistika ang ginamit ng may-akda sa paglalahad ng kaniyang kuwento?<br><br>
2. Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Gawin ang sumusunod na paraan upang matukoy ang mga mahalagang pangyayari sa teksto at masuri ang mga elementong panlingguwistang ginamit sa akda.<br><br>
PINATNUBAYANG PAGBASA: Sama-samang basahin ang isang pabula. Gawing gabay ang mga munting gawain. Sumangguni sa Sagutang Papel ng Pagkatuto Bilang 2.<br><br>
A. TANONG-TUGON: Ibigay ang hinihingi ng sumusunod: Isulat ang sagot sa loob ng kahon.<br>
<table>
<tr><td>Buksan ang bombilya na literal:<br>1. Ilarawan ang kalagayan ng Pilandok. Ano ang ginawa ni Pilandok para maakit nang husto si Somusun sa batingaw?</td><td></td></tr>
<tr><td>Buksan ang bombilya ng interpretasyon:<br>2. Ano ang ibig sabihin ng dalawang uri ng tauhang ipinakilala sa akda na si Pilandok at Somusun?</td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>
Tiyaking bago ipabasa ang halimbawang kuwento sa anyo ng pabula, muling magamit ang mga susing salita sa pag-uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba't ibang palatandaan ng pag-unawa.<br><br>
Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay.
</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| 3. Bakit ganoon na lamang kadaling maakit si Somusun sa batingaw? | |
| **Buksan ang bombilyang personal:**<br>4. Ano ang mahalagang mensaheng iniiwan sa iyo ng akda? | |
| 5. Sa iyong palagay, masasabi mo bang tagumpay si Pilandok sa kaniyang ipinakitang diskarte? Bakit oo, bakit hindi? | |

**SIPAT-KAALAMAN:**

| **Pabula**<br>Ito ay isang maikling kuwento na may pangunahing tauhan na hayop, isang suliraning nilulutas, isang mahalagang pangyayari, at matatapos o mababasa sa isang upuan lamang. Ang pabula ay hindi lamang hitik sa kagandahang-asal kung hindi maging ang kultura ay masasalamin dito. | |
|---|---|
| *Pabula bilang isang kuwento* | Isa sa mga kinagigiliwang kuwento dahil dahil sa pagkakaroon nito ng tauhang hayop na gumaganap at nagsasalita na parang tao. |
| *Pabula bilang isang sining* | May kung anong kapangyarihan ang pabula upang gisingin ang imahinasyon ng mambabasa. |
| *Pabula bilang isang karunungan* | Ayon kay Aesop, ama ng sinaunang pabula na ang pabula ay kinapalooban ng mga pabula ng mga kaisipang nais na itatak sa mga mambabasa. |
| *Kultura sa Pabula* | Ang iba't ibang pagpapakilala sa uri ng tauhan katulad ng pag-uugali, antas ng pamumuhay, o kilos ay sumasalamin sa kultura o pamumuhay ng mga tao sa isang partikular na rehiyon. |
| *Simbolismo sa Pabula* | Katulad ng ibang *genre* ng panitikan, ito ay kinapapalooban ng mga bagay o simbolo na nagsasaad ng kahulugan. |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Ibigay ang kahulugan ng mga simbolismo o mga pahayag na nagbibigay pahiwatig ng mensahe sa akda. Magbigay ng mga patunay na pahayag mula sa akda.

| Simbolo | Kahulugan | Mga patunay na Pahayag mula sa Akda |
|---|---|---|
| diyamante/ginto | | |
| batingaw | | |
| Pilandok | | |
| Somusun | | |

**Pagninilay-nilay**. Pag-usapan ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang nagtulak kay Pilandok upang manlinlang ng tao?
2. Ano ang paraan para magbago si Pilandok?
3. Kung sakaling magipit o mangailangan ka sa buhay, ano ang pinakamabuting magagawa mo para malutas ang iyong problema?
4. Kung bibigyan ka ng magandang pagkakataon ngunit mahirap gawin, maaari kayang tanggapin mo ito? Bakit oo, bakit hindi?
5. Ano ang maaari mong piliin sa dalawa, karangalan o kayamanan? Palawakin ang iyong sagot.

**Ikatlong Araw**

**Kaugnay na Paksa 3: Kuwentong Posong**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain bago ang pagbabasa ng akda.

**TUON-DUNONG:** Sagutan ang panimulang gawain na magiging gabay sa pagbabasa.

| Paano naging mahalaga hanggang sa kasalukuyan ang mga kuwentong bayan? | Paano naipapakita ang paggamit ng kultural na elemento na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon? |
|---|---|
| | |

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**
Gawin ang sumusunod na paraan upang matukoy ang mga mahalagang pangyayari sa teksto at masuri ang mga elementong panlingguwistang ginamit sa akda.

**PINATNUBAYANG PAGBASA:** Sama-samang basahin ang isang pabula. Gawing gabay ang mga munting gawain. Sumangguni sa Sagutang Papel ng Pagkatuto Bilang 3.

**BAHAGI-DUNONG**: Sa tulong ng tsart, tukuyin ang mga elemento ng maikling kuwento na matatagpuan sa akdang “Si Juan Osong.”

| | |
|---|---|
| **TAUHAN** | Sino-sino ang tauhan sa maikling kuwento at paano naging mabisa ang kanilang karakter sa mas malalim na pag- unawa sa kuwento? |
| | |
| **TAGPUAN** | Saan naganap ang kuwentong binasa at paano ito nakatulong sa kulturang nakapaloob sa kuwento? |
| | |
| **SULIRANIN** | Ano ang naging pangunahing suliranin sa akdang binasa at paano ito naging mabisa upang maisakatuparan ang pagpabibigay ng mensahe ng akda? |
| | |
| **BANGHAY** | Isulat ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwentong “Si Juang Osong.” Matapos itong isulat ay isasalaysay sa klase ang iyong naitala mula sa gawain. |
| | |

**Kuwentong-bayan**
Alam mo bang bahagi ng ating mayamang kasaysayan ang mga kuwentong-bayan? Ang mga ito ay isa sa mga sinaunang anyo ng panitikan ng ating mga ninuno. Kadalasang oral, pasalita, o pasalindila ang paraan upang ipasa at ipahayag ang mga ito na naglalaman ng mayamang tradisyon at kaugalian ng isang lugar.

Karagdagang Kaalaman na maaring gamitin sa pagtalakay:

**Kaugalian at Tradisyon**- Tuwiran o di man tuwiran ay naglalahad ang mga kuwentong-bayan ng mga kalinangang bayan sa anyo ng iba’t ibang kultura. Binubuo ng iba’t ibang gawi o nakagisnang gawaing magpapakita ng pagkakakilanlan ng isang lugar. Ang mga kaugalian at tradisyon ang pagbibigkis ay sumasalamin sa anyo o uri ng pamumuhay batay sa nakagisnang kapaligiran na humuhubog sa pag-iisip at pananaw. Kaakibat ng kaugalian

**Pananampalataya at Paniniwala**- Ito ang pangunahing gabay para sa moralistikong pagkilos o pag-iisip. Ibig sabihin, itinatakda ng pananampalataya at paniniwala ang tamang pananaw sa buhay. Mula sa pinaniniwalaang makapangyarihang nilalang, nagiging sandigan ito para maging mabuting nilalang. Ibig sabihin, ang pakikipagkapuwa ay pinagtitibay ng paniniwala at pananampalataya na madalas maiugnay sa isang

Mahalagang tandaan na bago pa dumating ang mga dayuhang mananakop ay mayaman na ang ating panitikan na masasalamin sa iba't ibang kuwentong-bayan ng ating kapuluan. Isa ang Mindanao sa may mayamang kalipunan ng mga ito na tiyak na kapupulutan ng iba't ibang aral kadikit ng kultura at pagkakakilanlang Pilipino.

Masasalamin sa iba't ibang kuwento-bayan ang pagiging matalino at malikhain ng ating mga ninuno dahil makikita sa mga ito ang di-karaniwang pangyayari gaya ng mga tauhan na may pambihirang kapangyarihan o katangian sa anyo ng diyos at diyosa, diwata, anito, sirena, siyokoy, engkanto, mga lamang lupa, at iba pang elemento.

Ang mga kuwentong-bayan ay naglalaman ng mayamang kultura ng isang tiyak na lugar. Sa loob ng nais palutanging kultura na kaugnay ng kaugalian, tradisyon, pananampalataya, at paniniwala mabibigyang-pansin ang iba't ibang isyu, usapin, o suliranin na kailangang harapin at mabigyan ng angkop na solusyon.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**
**TULONG-DUNONG.** Gawin ang kasunod na grapikong pantulong upang maunawaan ang ilang katangian ng Kuwentong Posong.

| KUWENTONG POSONG | | |
|---|---|---|
| **Paliwanag** | **Paliwanag** | **Paliwanag** |
| Nagpasalin-salin | Kultura | Nakakaaliw |

tiyak na relihiyon. Ang paraan ng pagsamba, pagdarasal, pagbibigay-papuri sa iba't ibang anyo ng awit, sayaw, o pasulat at pasalitang paraan ay kadikit ng paniniwala na magiging daan sa kabutihan, kaligtasan, at maayos at matiwasay na anyo ng pamumuhay.

**Suliraning Panlipunan-**
Direkta o hindi man direkta, itinatampok sa mga kuwentong bayan ang mga iba't ibang isyu na tumatalakay sa mga suliraning kadikit ng mga usapin sa kapaligiran, pamamahala, kapayapaan, kalusugan, edukasyon, pagkapantay-pantay, makatarungang lipunan, at marami pang iba. Ang suliraning nais palitawin ay nag-iiwan ng mensahe upang ipadama na ang mga nangyayari sa kuwento ay kadikit ng karanasang maaaring naranasan o mararanasan ng mga mambabasa, manonood, o tagapakinig na magmasid, magsuri, magbahagi, at magpasya.

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.<br><br>**Buhay na Pabula at Kuwentong Bayan**<br>Panuto:<br>1. Hatiin ang klase sa maliliit na grupo. Bawat grupo ay pipili ng isang pabula o kuwentong bayan.<br>2. Ang bawat grupo ay gagawa ng isang pagsasadula o role-play na magpapakita ng kanilang napiling kuwento.<br>3. Hayaang gumamit props o magsuot ng costume ang mga mag-aaral upang mas higit na maipakita ang pagiging malikhain nila.<br>4. Ang bawat pangkat ay maghahanda ng isang maikling paliwanag tungkol sa aral ng kanilang kuwento bago magsimula ang kanilang pagtatanghal.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>Gabay na Tanong sa Pagninilay. Dugtungan ang mga pahayag.<br><br>Pagkatapos ng mahabang talakayan,<br>Nalaman kong ______________________________.<br>Naranasan kong ______________________________.<br>Naramdaman kong ______________________________.<br>At gusto kong gawin ang ______________________________. | Ang mga nakikitang dagdag na konsepto ay mga batayang kaalaman na may kaugnay na kasanayan mula sa Gabay Pangkurikulum.<br><br>Malaya ang gurong gumawa ng paraan kung pano ito ilahad o talakayin sa mga mag-aaral habang binabasa at inuunawa ang lunsarang aralin.<br><br>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. |

Rubriks sa Gawain sa "**Buhay na Pabula at Kuwentong Bayan":**

| Kategorya | Napakahusay (10-9) | Mahusay (8-7) | Katamtaman (6-5) | Kailangang Pagbutihin (4-0) |
|---|---|---|---|---|
| **Pagganap** | - Napakahusay na pagganap, may mahusay na pag-unawa sa karakter. | - Mahusay na pagganap, may magandang pag-unawa sa karakter. | - Katamtamang pagganap, may ilang aspeto ng karakter na hindi nakuha. | - Kailangan pang pagbutihin ang pagganap, hindi malinaw ang pag-unawa sa karakter. |
| **Ekspresyon at Emosyon** | - Napakahusay na paggamit ng boses at emosyon, akmang-akma sa eksena. | - Mahusay na paggamit ng boses at emosyon, akma sa eksena. | - Katamtamang paggamit ng boses at emosyon, may kulang sa akma sa eksena. | - Kailangan pang pagbutihin ang paggamit ng boses at emosyon, hindi akma sa eksena. |
| **Kostyum at Props** | - Napakahusay ang kostyum at props, malikhain at akma sa tema. | - Mahusay ang kostyum at props, akma sa tema. | - Katamtamang kostyum at props, may ilang hindi akma sa tema. | - Kailangan pang pagbutihin ang kostyum at props, hindi akma sa tema. |
| **Koreograpiya at Paggalaw** | - Napakahusay ang paggalaw, natural at akma sa eksena. | - Mahusay ang paggalaw, medyo natural at akma sa eksena. | - Katamtamang paggalaw, may ilang hindi natural at hindi akma sa eksena. | - Kailangan pang pagbutihin ang paggalaw, hindi natural at hindi akma sa eksena. |
| **Pakikipag-ugnayan sa Kapwa Aktor** | - Napakahusay na pakikipag-ugnayan, may mahusay na timing at chemistry. | - Mahusay na pakikipag-ugnayan, medyo mahusay na timing at chemistry. | - Katamtamang pakikipag-ugnayan, may ilang aspeto ng timing at chemistry na kulang. | - Kailangan pang pagbutihin ang pakikipag-ugnayan, mahina ang timing at chemistry. |
| **Pagsunod sa Script** | - Napakahusay na pagsunod sa script, walang nakalimutang linya. | - Mahusay na pagsunod sa script, may kaunting nakalimutang linya. | - Katamtamang pagsunod sa script, may ilang nakalimutang linya. | - Kailangan pang pagbutihin ang pagsunod sa script, maraming nakalimutang linya. |
| **Kahalagahan ng Mensahe** | - Napakahusay na pagpapakita ng mensahe ng dula, malinaw at makabuluhan. | - Mahusay na pagpapakita ng mensahe ng dula, medyo malinaw at makabuluhan. | - Katamtamang pagpapakita ng mensahe ng dula, may ilang bahagi na hindi malinaw. | - Kailangan pang pagbutihin ang pagpapakita ng mensahe ng dula, hindi malinaw. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**SURI-PILI.** Panuto: Suriin ang tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Ano ang nakita ni Pilandok na akala niya ay isang batingaw?<br>A. isang bundok C. isang bahay-pukyutan<br>B. isang bato D. isang sako ng bigas<br><br>2. Sino ang manlalakbay na dumaan at nakausap ni Pilandok?<br>A. Ang Sultan C. Si Somusun<br>B. Isang magsasaka D. Isang sundalo<br><br>3. Bakit nagpasya si Somusun na patunugin ang inaakalang batingaw?<br>A. Dahil siya ay gutom<br>B. Dahil iniutos ng Sultan<br>C. Dahil gusto niyang malaman ang tunog nito<br>D. Dahil gusto niyang ipagmalaki ang kanyang pagiging maharlika<br><br>4. Ano ang inialok ni Somusun kapalit ng pahintulot na patunugin ang batingaw?<br>A. Isang kalabaw C. Ginto at diyamante<br>B. Isang palasyo D. Pagkain at tubig<br><br>5. Ano ang nangyari kay Somusun matapos niyang patunugin ang inaakalang batingaw?<br>A. Napatunog niya ito at natuwa C. Walang nangyari<br>B. Napagalitan siya ng Sultan D. Nilusob siya ng mga pukyutan<br><br>6. Ano ang ginawa ni Juan Osong upang hindi mahuli sa paglabag sa ordinansa ng alkalde?<br>A. Naglakad siya sa gilid ng kalsada<br>B. Gumapang siya sa kalsada<br>C. Tumakbo siya pauwi<br>D. Nagtago siya sa isang tindahan<br><br>7. Bakit hindi nag-alis ng sumbrero si Juan Osong nang dumaan siya sa kuwartel ng militar? | Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng quiz notebook upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag-unlad. Ang quiz notebook ay maaari ding magsilbing homework notebook. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | A. Ayaw niyang sumunod sa utos<br>B. Nais niyang itago ang kanyang ulo sa init<br>C. Wala siyang sumbrero<br>D. Nakalimutan niya<br><br>8. Paano dumaan si Juan Osong sa munisipyo nang hindi nilalabag ang utos ng sundalo?<br>A. Gumapang siya<br>B. Sumakay siya ng kabayo<br>C. Dumaan siya sa ibang daan<br>D. Nakaapak siya sa sarili niyang lupa na inilagay sa karito<br><br>9. Ano ang ginawa ni Juan Osong sa pinto ng kanilang bahay?<br>A. Ikinandado niya ito nang maayos<br>B. Iniwan niya itong bukas<br>C. Dinala niya ito sa kanilang pupuntahan<br>D. Pininturahan niya ito<br><br>10. Ano ang hinulog ni Juan mula sa puno upang takutin ang mga magnanakaw?<br>A. Isang malaking bato<br>B. Isang sangay ng puno<br>C. Isang palakol<br>D. Isang sako ng bigas<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Pagsusulat ng *Reflective Essay.*<br><br>**Panuto:** Sumulat ng isang maikling sanaysay o refleksyon tungkol sa inyong natutunan mula sa mga pabula at kuwentong bayan na narinig at napanood. Maaari magbahagi ng inyong sariling karanasan na may kaugnayan sa mga aral ng mga kuwento. | |

| Bibigyan ng Tuon | Pamantayan sa Pagmamarka | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| • Pamagat | Angkop at malinaw | | | | | |
| • Nilalaman | Mahusay na pag-organisa ng mga ideya. | | | | | |
| • Husay ng pagkalahad | May maayos na pagkabuo sa *reflective essay.* | | | | | |
| • Wastong gamit ng salita | Akma at wastong pagkagamit ng salita at gramatika. | | | | | |
| • Kabuong Marka | 17-20- Pinakamahusay<br>14-16- Mahusay<br>10-13- Medyo Mahusay | | | | | |

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| ***At iba pa*** | | |

Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.

Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.

Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>__________<br>__________<br>__________<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>__________<br>__________<br>__________<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>__________<br>__________<br>__________ | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |